
# ESDRAS



### *Mga Kaalamang Pangkasaysayan*

Isinalaysay sa atin ng mga libro ni Samuel at ng Mga Hari ang limang dantaong walang lagot na kasaysayan ng Israel, mula kay David hanggang sa Pagkatapon sa Babilonia.

At pagkatapos ay dumating naman ang pitumpung taon ng "Pagkabihag" o Pagkatapon. Hindi naman idineport ang buong bayan. Mas malaking bahagi ng sambayanan na binubuo ng maliliit na magsasaka ang naiwan sa kanilang lupain. Pero wala silang mga pinuno o mga lider espirituwal, wala silang ginawa para ibangon ang kanilang bansa. Nabuhay lamang muli ang bansa dahil sa mga itinapon na umuwing kasama ni Zorobabel pabalik sa kanilang lupain. At pagkaraan ng mahirap na pagsisimula, nareorganisa sila sa ilalim ng pamumuno nina Esdras at Nehemias.

### *Ang Reporma ng Esdras*

Hindi lahat ng Judio ay bumalik sa kanilang lupain. Marami sa kanila ang nangibang-bayan na bago pa ang Pagkatapon at nanatili sila sa mga bayang kanilang tinitirhan: sa Ehipto, Asiria, Persia. Ang iba naman sa mga idineport ay hindi umuwi mula sa Babilonia kung saan nila napagtagumpayan ang miserable nilang kalagayan, at sa pagtutulung-tulong ay nagkaroon sila ng magagandang posisyon. Pero ang mga nagsibalik ay pami-pamilyang dumating at bilang mga grupong organisado. Sila ang lubos na nakapagsaloob sa mensahe ng mga propeta na nag-aanyaya sa kanilang itayong muli ang isang Israel na dinalisay at banal.

Para sa kanila, ito ang unang panganib na makakaharap nila sa pagtira sa sariling bayan sa piling ng mga dayuhan at mga Judiong di gaanong mulat sa kanilang misyon: baka mawalan sila ng sigasig. Kaya mahalaga ang gawa nina Esdras at Nehemias sa pagpapanatili sa pagkakabuklod ng mga Judio sa isa't isa at hiwalay sa lahat ng iba pa. Tingnan lalo na ang problema ng *pag-aasawa ng mga may magkaibang relihiyon* (Esdras 9-10; Nehemias 9:2 at 13:10-30).

At naging mahalaga ang *gawang pambiblia* ni Esdras na siyang nagtipon sa mga libro ng Biblia sa unang pagkakataon, at pagkatapos ay ginawang base ng kanilang relihiyon ang Banal na Aklat. Hanggang sa mga sandaling iyon, ang mga libro ng Biblia na meron na noon ay nasa palasyo lamang o sa mga kamay ng mga pari at sapat na para sa bayan ang dumalo sa tradisyunal na mga seremonya sa Templo. Si Esdras ang nagsimula ng isang bagong paraan ng pagsamba kung saan ang *pangkomunidad na pagbasa sa Biblia* ang magiging base ng buhay relihiyoso ng mga sambayanan. Ito ang maghahatid sa kanila sa isang pananampalatayang mas matatag at mas responsable. Tingnan ang Nehemias 8. Inaalala sa 2 Mac 2:13-14 ang papel ni Esdras sa pagbubuo ng Biblia.

Ang repormang ito ni Esdras ang nagbigay ng mga sariling katangian sa pamayanang Judio pagkatapos ng Pagkatapon sa Babilonia. Ang bayan ng Diyos ay naging isang bayang banal, o bayang nakatalaga sa Diyos at inihiwalay sa iba pa ng maraming harang ng kanilang Batas. Sila ay nabubuhay lamang para ipagpatuloy ang pagsamba sa Kaisa-isahang Diyos, at dahil wala

silang pambansang kalayaan, hawak ng mga pari sa ngalan ng Diyos ang kapwa kapangyarihang sibil at panrelihiyon.

### *Ang Libro Nina Esdras at Nehemias*

Sa simula'y iisa lamang ang dalawang librong ito. Binibigyan tayo ng mga ito ng ilang impormasyon tungkol sa ginawa ng dalawang lalaking iyon. Mapapansin ang sumusunod na mga hakbang sa muling pagtatayo sa pamayanang Judio:

– Nagsimula sa dekreto ni Ciro sa taong 538 ang pagbabalik sa Jerusalem ng maraming grupo ng mga itinapon, at doon muling itinatayo ni Zorobabel ANG TEMPLO. (Tingnan ang Esdras 1:1 hanggang 4:5 at 4:24 hanggang 6:2).

– At sinikap namang hadlangan ng mga kaaway ng mga Judio ang muling pagtatayo sa LUNSOD. (Tingnan ang Esdras 4:7-23).

– Mga taong 458 siguro nang dumating si Esdras para buuin ang pamayanan, sa pagtatadhana sa Batas ni Moises bilang isang panuntunan. (Tingnan ang Esdras 7 hanggang 10).

– Taong 445, dumating naman si Nehemias galing Persia, at sinimulan niya ang muling pagtatayo ng MGA PADER. At pagkatapos ay labindalawang taon niyang pinamahalaan ang Jerusalem. (Tingnan ang Nehemias 1 hanggang 7).

– At sa katapusan, may pangalawang misyon si Nehemias sa taong 425. (Tingnan ang Nehemias 13).

**Binigyang-kalayaan ni Ciro ang mga Judiong nagbalik sa Jerusalem**

**1** • 1 Sa unang taon ni Ciro na hari ng
Persia para matupad ang salitang sinabi ni Yawe sa pamamagitan ni Jeremias, pinukaw niya ang espiritu ni Ciro na hari ng Persia para ideklara sa buo niyang kaharian at isulat: 2 "Ito ang sinasabi ni Ciro, hari ng Persia:

Ibinigay sa akin ni Yaweng Diyos ng kalangitan ang lahat ng kaharian sa lupa. Inatasan niya ako na magtayo ng isang bahay sa Jerusalem sa lupain ng Juda.
3 Sa sinumang kabilang sa kanyang bayan, sumakanya nawa ang kanyang Diyos! Umahon siya sa Jerusalem sa tulong ng kanyang Diyos at itayo roon ang Bahay ni Yaweng Diyos ng Israel, ang Diyos na nasa Jerusalem.
4 At sa lahat ng lugar na tinitirhan ng mga nalabi sa bayan ni Yawe, tutulungan sila ng mga tagaroon sa pagbibigay ng pilak, ginto at mga kagamitan at mga hayop, bukod pa sa mga kusang-loob na handog para sa Bahay ng Diyos sa Jerusalem."

5 Kayat tumindig ang mga ama ng mga angkan ng Juda at Benjamin, ang mga pari at mga Levita – lahat ng tao na ang espiritu'y pinukaw ng Diyos – at nagpasyang umahon para itayo ang Bahay ni Yawe sa Jerusalem.
6 Binigyan sila ng lahat nilang kapitbahay ng lahat ng uri ng tulong: ginto,

---

• **1.1** Kusang-loob na pinauuwi ni Cirong emperador ng Persia ang mga Judiong ipinatapon sa Babilonia.

Kahit na hindi sumasamba si Ciro sa tunay na Diyos, isa siyang magandang halimbawa ng pagpapahintulot sa ibang relihiyon. At ibinibigay siya ng Biblia bilang isang tagapagpalaya ng mga bayang inapi ng mga nauna sa kanya.

Pansinin natin na ang mga tumatanggap lamang na "maging malaya" ang pauuwiin. Walang anumang pagpapalaya o panlabas na tulong para sa walang pakialam. Ang *mga may espiritung pinukaw ng Diyos* ang magbabalik.

Para maintindihan ang libro ni Esdras, makabubuti ring malaman na sa kabila ng dekreto ni Ciro, ang Jerusalem ay nasa ilalim pa rin ng pamamahala ng Samaria pagdating sa administrasyon. Kaya magkakaroon ng mga problema, dahil ayaw ng mga nasa mataas na lipunan ng Samaria na sila'y mahigitan ng mga kilalang tao ng Juda na bumabalik sa kanilang bayan pagkatapos ng limampung taon ng pagkatapon.

pilak, mga kagamitan at mga hayop at mga mamahaling bagay, bukod pa sa mga kusang-loob na handog.

7 Ipinalabas din ni Haring Ciro ang lahat ng kagamitan ng Bahay ni Yawe na dinala ni Nabucodonosor mula sa Jerusalem at inilagay sa bahay ng kanyang mga diyos. 8 Ibinigay ni Cirong hari ng Persia ang mga iyon sa mga kamay ni Mitridates na tesorero, na siyang bumilang niyon kay Sesbasar na pinuno ng Juda.

9 Narito ang lista: sisidlang ginto para sa handog, 30; kopang pilak, 1,029; 10 iba pang kopang ginto, 30; kopang pilak, 410; ibang kagamitan, 1,000.

11 Kabuuan ng mga kagamitang ginto at pilak: 5,400. Dinala ni Sesbasar ang lahat ng ito nang pabalikin sa Jerusalem ang mga itinapon sa Babilonia.

**Ang mga bumalik kasama ni Zorobabel**

**2** 1 Ito ang mga taga-Juda na nagbalik mula sa pagkabihag; ito ang mga ipinatapon sa Babilonia ni Nabucodonosor na hari ng Babilonia, na nagbalik sa kani-kanilang mga bayan sa Jerusalem at Juda. 2 Dumating sila na kasama sina Zorobabel, Yesua, Nehemias, Seraya, Reelaya, Nahamani, Mordekai, Bilsan, Mispar, Bigvai, Rehum at Baana.

Lista ng mga lalaki ng bayan ng Israel: 3 sa angkan ni Paros, 2,172; 4 ni Sefatias, 372; 5 ni Arah, 775; 6 ni Pahat-Moab, sa mga anak nina Yesua at Yoab, 2,812; 7 ni Elam, 1,254; 8 ni Zatu, 945; 9 ni Zakai, 760; 10 ni Bani, 642; 11 ni Bebai, 623; 12 ni Azgad, 1,222; 13 ni Ado nikam, 666; 14 ni Bigvai, 2,056; 15 ni Adin, 454; 16 ni Ater, ni Ezekias, 98; 17 ni Besai, 323; 18 ni Yora, 112; 19 ni Hasum, 223; 20 ni Gibar, 95; 21 ang mga taga-Betlehem, 123; 22 mga taga-Netofa, 56; 23 mga taga-Anatot, 128; 24 mga taga-Bet-Asmavet, 42; 25 mga taga-Kiryat-Yearim, Kefira at Beerot, 743; 26 mga taga-Rama at Geba, 621; 27 mga taga-Mikmas, 122; 28 mga taga-Betel at Ai, 223; 29 mga taga-Nebo, 52; 30 mga taga-Magbis, 156; 31 mga taga-Elam, 1,254; 32 mga taga-Harim, 320; 33 mga taga-Lod, Hadid at Ono, 725; 34 mga taga-Jerico, 345; 35 mga taga-Senaa, 3,630.

36 Mga pari: sa angkan ni Yedaya o angkan ni Yesua, 973; 37 ni Imer, 1,052; 38 ni Pasur, 1,247; 39 ni Harim, 1,017.

40 Mga Levita: mga angkan nina Yesua, Kadmiel, at Hodavias, 74.

41 Mga manunugtog sa Templo: sa angkan ni Azaf, 128.

42 Mga bantay-pinto: sa mga angkan nina Sallum, Ater, Talmon, Akub, Hatita at Sobai, 139.

43 Mga *ibinigay sa templo:* sa mga angkan nina Ziha, Hazufa, Tabaot, 44 Keros, Siaha, Padon, 45 Lebana, Hagaba, Akub, 46 Hagab, Salmai, Hanan, 47 Gidel, Gahar, Reaya, 48 Rezin, Nekoda, Gazam, 49 Uza, Pasea, Besai, 50 Asna, Meunim, Nefusim, 51 Bakbuk, Hakufa, Harhur, 52 Bazlut, Mehida, Harsa, 53 Barkos, Sisera, Tema, 54 Nezia at Hatifa;

55 Sa mga angkan ng mga *lingkod ni Solomon:* sa mga angkan ni Sotai, Hasoferet, Peruda, 56 Yaala, Darkon, Gidel, 57 Sefatias, Hatil, Pokere-Hazzebaim at Ami. 58 Kabuuan ng mga ibinigay at mga anak ng mga lingkod ni Solomon: 392.

59 Narito ang mga galing sa Tel-Mela, Tel-Harsa, Kerub, Adon at Imer, na di makapagpatunay kung Israelita nga ang pinagmulan nilang angkan at sambahayan: 60 sa mga angkan nina Delaya, Tobias at Nekoda: 652. 61 At sa mga pari naman: ang mga inapo nina Hobaya, Hakoz at Barzilai na nakapag-asawa ng isa sa mga anak ni Barzilai na taga-Galaad, at dito isinunod ang pangalan. 62 Pinaalis sa pagkapari ang mga ito na naghanap sa aklat ng kanilang pinagmulan, pero wala namang nakita. 63 Pinagbawalan sila ng gobernador na kumain ng mga sagradong pagkain hanggang hindi nakakatagpo ng isang pari para sumangguni sa Urim at Tumim.

64 Umabot sa 42,360 ang buong kalipunan, 65 at hindi pa kabilang ang kanilang mga alipin at alilang-babae na umabot naman sa 7,337, at ang 200 mang-aawit na lalaki at babae.

66 Mga kabayo nila, 736; mga asnong-kabayo, 245; 67 mga kamelyo, 435; mga asno, 6,720.

68 Kusang-loob na nag-alay ang ilan sa mga pinuno ng mga angkan pagdating nila sa Bahay ni Yawe sa Jerusalem. Ito ang mga handog nila para muling itayo ang Bahay ng Diyos sa dating lugar: 69 61,000 drakmang ginto, 5,000 minang pilak at 100 damit ng pari; nagbigay sila sa kabang-yaman para sa patrabahong ito ayon sa kanilang kakayahan.

70 Nanirahan sa Jerusalem ang mga pari, mga Levita at isang bahagi ng bayan. Sa kani-kanilang bayan naman nanirahan ang mga bantay-pinto, mga mang-aawit sa Templo, mga katulong at ang iba pang mga Israelita.

**Muling pagtatayo ng altar**

**3** • 1 Nasa kanila nang mga lunsod ang mga
Israelita nang sumapit ang ikapitong bu-
wan. Noon nagtipon ang sambayanan sa Jeru-
salem.

2 Sinimulan nina Josueng anak ni Yozadak at
ng mga kasamang pari, at ni Zorobabel na anak
ni Sealtiel kasama ang kanyang mga kapatid, na
muling itayo ang altar ng Diyos ng Israel para
makapag-alay roon ng mga susunuging han-
dog, ayon sa nasusulat sa Batas ni Moises na
lingkod ng Diyos.

3 Itinayo nila ang altar sa dating lugar sa
kabila ng kanilang takot sa mga tagaroon, at
nag-alay sila roon kay Yawe ng mga sinunog na
handog, at ng pang-umaga at panggabing sinu-
nog na handog. 4 Ipinagdiwang nila ang Piyesta
ng mga Kubol ayon sa nasusulat, at nag-alay ng
mga sinunog na handog araw-araw ayon sa
pang-araw-araw na kaugalian. 5 At pagkatapos
ay inialay nila ang sinunog na handog para sa
Araw ng Pahinga, para sa bagong buwan at para
sa mga Piyesta kay Yawe, bukod pa sa pang-
araw-araw na sinunog na handog na kusang-
loob na inihahandog kay Yawe.

6 Nagsimula silang mag-alay ng mga sinunog
na handog sa unang araw ng ikapitong buwan
nang hindi pa nailalagay ang pundasyon ng
Bahay ni Yawe.

7 Binigyan nila ng pera ang mga tagatabas ng
bato, ang mga kantero at mga karpintero.
Binigyan din nila ng pagkain, alak at langis ang
mga taga-Sidon at Tiro para itawid-dagat ang
kahoy na sedro mula sa Lebanon at dalhin sa
Yapo, batay sa pahintulot ni Cirong hari ng
Persia. 8 Sa ikalawang buwan ng ikalawang taon,
pagkarating nila sa Bahay ng Diyos sa Jerusa-
lem, ang paggawa ay sinimulan na nina Zoro-
babel na anak ni Sealtiel at Josueng anak ni
Yozadak at ng iba pa nilang mga kapatid, ng
mga pari, ng mga Levita at lahat ng nagbalik sa
Jerusalem mula sa pagkatapon. Hinirang nila
ang mga Levitang may dalawampung taong
gulang pataas para pamahalaan ang patrabaho
sa Bahay ni Yawe.

9 Nagkaisa sina Josue at ang kanyang mga
anak at mga kapatid, si Kadmiel at ang kanyang
mga anak, at ang mga anak ni Hodabya na
pamahalaan ang mga manggagawa sa Bahay
ng Diyos.

10 Nang maitayo ng mga manggagawa ang
pundasyon ng templo ni Yawe, tumayo naman
ang mga pari na nakadamit ng linen at may
trumpeta. Naroon din ang mga Levitang anak ni
Asaf, na may dala namang pompiyang. At
inawit nila kay Yawe ang mga salmo ni David na
hari ng Israel.

11 Naghalinhinan sila sa pag-awit at pag-
pupuri kay Yawe: "Sapagkat mabuti siya, sa-
pagkat walang hanggan ang kanyang pag-ibig
sa Israel."

Malakas na sumigaw ang bayan sa pagpu-
puri kay Yawe dahil inilagay na ang pundasyon
ng Bahay ni Yawe. 12 Umiyak ang karamihan sa
mga pari, mga Levita at iba pang matatandang
pinuno ng mga sambahayan na nakakita sa
unang Bahay, at nanaghoy sila samantalang
inilalagay ang pundasyon.

Ngunit sumigaw naman sa galak ang iba, 13 at
hindi malaman ng bayan kung alin ang sigaw ng
kagalakan sa sigaw ng panaghoy, sapagkat
napakalakas ng sigawan ng sambayanan at
narinig ang ingay sa malayo.

**Natigil ang mga patrabaho**

**4** • 1 Nabalitaan ng mga kaaway ng Juda at
Benjamin na itinatayo ng mga nagbalik
mula sa pagkatapon ang santuwaryo ni Yaweng
Diyos ng Israel. 2 Kaya pinuntahan nila sina
Zorobabel, Josue at ang mga pinuno ng mga
angkan, at sinabi sa kanila: "Gusto namin ka-
yong tulungan sa muling pagtatayo dahil tuma-
tawag din kami sa inyong Diyos at nag-aalay sa
kanya ng mga sinunog na handog mula sa
panahon ni Esar Haddon na hari ng Asiria na
siyang nagdala sa amin dito."

3 Sumagot sina Zorobabel, Josue at ang mga

---

• **3.**1 Ang muling pagtatayo ng Templo ay isang pagkakataon sa mga Judio para muling madiskubre ang kanilang kaibahan at pagkabukod-tangi sa lahat ng bansa, sa pagiging mga lingkod ng Kaisa-isahang Diyos. Nagbigay-daan ito para pagtibayin ang kanilang pagka-Judio sa piling ng mga nasa lupain, dahil tungo sa pagkakaisa ang pagtatrabaho nang sama-sama.

Mapapansin din natin na pagkarating na pagkarating ng mga nagsiuwi, bukas-palad silang naghandog ng mga kailangan para sa pagtatayo ng Templo (2:68). Ngunit dalawampung taon pa ang lilipas at kakailanganin ang pakikialam ng mga Propeta Ageo at Zacarias para maisagawa ang napagkasunduang proyekto sa sigasig ng kanilang pagbabalik.

• **4.**1 Sa pagtataguyod ni Propeta Ageo (tingnan ang Ageo 2:10), tinanggihan ng mga Judio ang pagtulong ng mga Samaritano para sa pagtatayo ng Templo. Ayaw nilang haluan ng di-malinis ang relihiyosong gawaing ito. Sa ibang salita'y disidido silang magtayo ng isang pamayanang nasasalig sa pagsasabuhay sa Batas, at hindi nila matatanggap na magkaroon ng karapatan sa Templo ang mga taong wala sa daan ng pagbabagong-buhay at pagbabalik-loob.

pinuno ng mga angkang Israelita: "Hindi kayo makapagtatayong kasama namin, kundi kami lamang ang magtatayo ng Bahay para kay Yaweng Diyos ng Israel. Ito nga ang iniutos ni Cirong hari ng Persia."

4 Kaya sinimulan ng mga tagaroon na papanghinain ang loob ng sambayanan ng Juda at tinakot ang mga iyon para hindi maitayo ang Bahay. 5 Inupahan nila ang ilang tagapayo ng hari para hadlangan ang proyekto sa buong panahon ni Cirong hari ng Persia hanggang sa paghahari ni Dariong hari ng Persia.

**Salaysay na wala namang kaugnayan**

• 6 Sa simula ng paghahari ni Herhes, isinulat nila ang isang sakdal laban sa mga taga-Juda at Jerusalem. 7 Gayundin naman sa panahon ni Artaherhes na hari ng Persia, sinulatan nina Bislam, Midredates, Tabeel at lahat nitong mga kabig si Artaherhes. Sa Arameo nasusulat ang liham at saka isinalin.

8 Sumulat sina Rehum na gobernador at Simsay na sekretaryo kay Haring Artaherhes laban sa Jerusalem. Narito ang liham:

9 "Mula kay Rehum na gobernador at kay Simsay na sekretaryo at sa iba pa nilang kasamahan na mga hukom, mga opisyal at lahat ng pinuno sa Persia, at ang mga taga-Erek Babilonia, at Susa o mga Elamita, 10 at mula sa iba pang mga bansang ipinadeport ng dakilang si Asurbanipal at pinatira sa mga lunsod ng Samaria at sa iba pang dako ng probinsya sa kabilang ibayo ng Ilog..."

11 Ito ang kopya ng liham na ipinadala kay Haring Artaherhes:

"Bumabati ang inyong mga lingkod na nasa kabilang ibayo ng Ilog.

12 Dapat malaman ng hari na nasa Jerusalem na ang mga Judiong umahon sa amin mula sa inyo ay muling itinatayo ang mapaghimagsik at masamang lunsod na ito. Itinatayo nilang muli ang mga pader at inaayos ang mga pundasyon. 13 Dapat malaman ng hari, na sa oras na maitayong muli ang lunsod na ito at matapos ang mga pader, hindi na sila magbabayad ng mga buwis o anumang kontribusyon, at sa dakong huli'y makasasama ito sa mga hari. 14 Ang palasyo ang nagpapakain sa amin at ayaw naming mabale-wala ang hari, kaya ipinaaalam namin ito sa hari 15 para suriin ang mga libro ng mga pangyayari sa inyong mga ninuno. Sa librong 'yon ninyo makikita na mapaghimagsik ang lunsod na ito. Panggulo ito sa mga hari at mga probinsya, at siyang pasimuno ng mga paghihimagsik mula pa noong unang panahon. At ito ang dahilan kung bakit nawasak ang lunsod. 16 Ipinaalam namin sa hari na kapag muling naitayo ang lunsod na ito at naibalik sa dati ang mga pader, wala nang lupaing maiiwan sa inyo sa kabilang ibayo ng Ilog."

17 At ito naman ang sagot na ipinadala ng hari:

"Kay Rehum na gobernardor, kay Simsay na sekretaryo at sa lahat nilang kasamahang nasa Samaria o sa kabilang ibayo ng Ilog: Kumusta.

18 Binasa sa akin ang bawat salita ng liham na ipinadala ninyo sa amin. 19 Nag-utos na ako para imbestigahan ang mga bagay-bagay, at napagalamang mula pa noong unang panaho'y naghimagsik na ang lunsod na ito laban sa mga hari, at siyang pasimuno sa paghihimagsik at pagaalsa.

20 Nagkaroon ng mga makapangyarihang hari ang Jerusalem, at naging panginoon sa buong lupain sa kabilang ibayo ng Ilog, at binayaran sila ng mga buwis.

21 Kaya iutos ninyong itigil ng mga ito ang paggawa; huwag itayong muli ang lunsod nang wala akong pahintulot. 22 Huwag ninyong balewalain ang bagay na ito, at baka lalong mapinsala ang kaharian."

23 Pagkabasa nina Rehum na gobernador, Simsay na sekretaryo at ng kanilang mga kasamahan sa liham na ito ni Haring Artaherhes, agad nilang pinuntahan ang mga Judio sa Jerusalem at pinatigil sila sa paggamit ng lakas at dahas.

24 Kaya natigil ang patrabaho sa Bahay ng Diyos sa Jerusalem, at nahinto hanggang sa ikalawang taon ng paghahari ni Dariong hari ng Persia.

---

Ganito rin sa ngayon. Kahit na gustung-gusto nating tanggapin ang lahat, ang mga bagay na banal ni ang pamumuno sa mga komunidad ay hindi natin maipauubaya sa mga taong di pa nagbabagong-buhay at nagbabalik-loob. At hindi rin natin matatanggap para sa Iglesya ang mga suportang pampulitika na maglalagay sa panganib sa kalayaan nito.

Ang kasaysayang sinimulan sa 4:1-5 ay ipinagpapatuloy sa mga kabanata 5 at 6. Nanatiling matatag ang mga Judio at tinulungan sila ng Diyos. Nagmagandang-loob sa kanila si Tatenai na Persianong gobernador ng probinsyang Kanluran na nasa ibayo ng Eufrates na sumasakop sa buong Palestina, na nasa Samaria ang kapitolyo.

• 6. Ang sulat *na matutunghayan sa 4:6-23 ay tungkol sa sumunod na pakikialam ng mga kinikilalang tao sa Samaria, nang sikaping itayo ng mga Judio ang mga pader ng Jerusalem pagkaraan ng ilang taon.*

**Itinuloy ang pagtatayo ng Templo**

5 1 Nagsalita sa ngalan ng Diyos ng Israel na
sumusubaybay sa kanila ang mga prope-
tang si Ageo at si Zacarias na anak ni Iddo sa
mga Judiong nasa Juda at Jerusalem. 2 Noon
sinimulan nina Zorobabel na anak ni Sealtiel at
Josueng anak ni Yosadak na itayong muli ang
Bahay ng Diyos sa Jerusalem. At tinulungan sila
ng mga propeta ng Diyos. 3 At dumating si
Tatnai na gobernador ng probinsya sa kabilang
ibayo ng Ilog at si Setar-Boznai, kasama ang
kanilang mga tagapayo at nagsabi: "Sino ang
nag-utos sa inyo na itayong muli ang Bahay na
ito at ang mga pader nito?" 4 At itinanong din
nila: "Sinu-sino ang mga lalaking gumagawa ng
gusaling ito?"

5 Ngunit nakatuon sa matatanda ng mga
Judio ang mata ng Diyos kayat hindi sila pina-
tigil sa paggawa hanggang maiulat ito kay
Haring Dario at matanggap ang kanyang liham
tungkol dito.

6 Ito ang kopya ng liham na ipinadala kay
Haring Dario nina Tatnai na gobernador ng
probinsya sa kabilang ibayo ng Ilog at Setar-
Boznai at ng kanilang mga tagapayo na mga
taga-Persiang nasa kabilang ibayo ng Ilog:

7 "Kay Haring Dario, Kumusta.

8 Dapat malaman ng hari na nagpunta kami
sa Bahay ng Dakilang Diyos sa probinsya ng
Judea. Itinatayo ito sa mga tinapyas na bato at
inilalagay naman ang mga troso sa mga pader;
mahusay ang paggawa at mabilis na sumu-
sulong. 9 Tinanong namin ang mga matatanda:
'Sino ang nag-utos sa inyo na itayo ang Bahay
na ito at tapusin ang santuwaryo?' 10 Tinanong
din namin ang kanilang pangalan para isulat at
ipagbigay-alam sa inyo ang mga pangalan ng
kanilang mga matatanda.

11 Ganito ang kanilang sagot: 'Kami ang mga
lingkod ng Diyos ng langit at lupa, at muli
naming itinatayo ang Bahay na itinayo marami
nang taon ang nakalilipas. Isang makapang-
yarihang hari ng Israel ang nagtayo nito at
nagpatapos. 12 Ngunit ginalit ng aming mga
ninuno ang Diyos ng langit, kaya ipinaubaya
niya sila sa mga kamay ni Nabucodonosor na
Kaldeong hari ng Babilonia. Winasak niya ang
Bahay na ito at ipinadeport ang sambayanan sa
Babilonia.

13 Subalit sa unang taon ng paghahari ni
Cirong hari ng Babilonia, nagpalabas ng dekreto
ang hari para itayong muli ang Bahay na ito ng
Diyos. 14 Ipinagkatiwala ni Ciro kay Sesbasar na
hinirang niyang gobernador ang mga kagami-
tang ginto at pilak sa Bahay ng Diyos, na kinuha
ni Nabucodonosor sa templo ng Jerusalem at
inilagay sa templo ng Babilonia. 15 At sinabi niya
kay Sesbasar: 'Kunin mo ang mga kagamitang
ito at dalhin sa templo ng Jerusalem at itayong
muli ang Bahay ng Diyos sa dating lugar.'
16 Kaya pumunta roon si Sesbasar at inilagay
ang mga pundasyon ng Bahay ng Diyos sa
Jerusalem. At mula noon hanggang ngayo'y
itinatayo na iyon pero hindi pa rin natatapos.

17 Kung mamarapatin ng hari, magsaliksik
sana sa bahay ng Kabang-yaman ng hari sa
Babilonia upang patunayan kung nagpalabas
nga ng dekreto si Haring Ciro para ipatayong
muli ang Bahay na ito ng Diyos sa Jerusalem. At
ipadala sana sa amin ng hari ang kanyang pasya
hinggil sa bagay na ito."

**Sinang-ayunan ni Dario ang pagtatayo ng Templo**

6 1 Iniutos ni Haring Dario na magsiyasat sa
bahay ng Kabang-yaman sa Babilonia, na
pinagtataguan ng mga libro. 2 At sa Ecbatana na
isang napapaderang lunsod sa probinsya ng
Media, may natagpuang isang rolyong ganito
ang nakasulat:

3 "Sa unang taon ng kanyang paghahari, nag-
palabas si Haring Ciro ng isang dekreto tungkol
sa Bahay ng Diyos sa Jerusalem: Itayong muli
ang Bahay na may tatlumpung metro ang taas at
tatlumpung metro ang lapad para makapag-
alay roon ng mga sinunog na handog. Ilagay ang
mga pundasyon. 4 Magkakaroon ng tatlong
patong ng tinapyas na bato at isang hanay ng
kahoy ang Bahay. Sagot ng palasyo ang lahat
ng gastos. 5 At isasauli rin ang mga kagamitang
ginto at pilak na inilabas ni Nabucodonosor sa
templo ng Jerusalem at dinala sa Babilonia.
Ilalagay ang mga ito sa kani-kanilang lugar sa
Bahay ng Diyos, sa templo ng Jerusalem.

6 Kayat huwag kayong makialam: Tatnai na
gobernador ng probinsya sa kabilang ibayo ng
Ilog, Setar-Boznai at mga tagapayong taga-
Persia sa kabilang ibayo ng Ilog. 7 Pabayaan
ninyo ang paggawa sa Bahay na ito; itatayo ng
gobernador ng mga Judio at ng kanilang mga
matatanda ang Bahay ng Diyos sa dating lugar.

8 Ito naman ang iniuutos kong gagawin ninyo
sa mga matatanda ng mga Judio sa muling
pagtatayo sa Bahay ng Diyos: mula sa mga
buwis sa probinsya sa kabilang ibayo ng Ilog na
laan para sa hari, bayaran ninyo nang buo at
maagap ang mga gastos. 9 At walang lagot na
ibigay sa kanila araw-araw ang anumang kaila-
ngan para sa sinunog na handog sa Diyos ng
langit: mga batang toro, barakong tupa, kor-
dero, trigo, asin, alak at langis, ayon sa maa-

aring hingin ng mga pari sa Jerusalem. [10]Kaya
mag-aalay sila ng mga sinunog na handog na
may kasiya-siyang amoy sa Diyos ng langit, at
ipananalangin ang buhay ng hari at ng kanyang
mga anak. [11]Iniuutos ko rin ang sumusunod:
kung may sasalungat sa kautusang ito, hilahin
ang isang biga sa kanyang bahay at doon siya
bitayin at gibain ang kanyang bahay bilang
parusa sa kanyang paghihimagsik. [12]At ibagsak
nawa ng Diyos na siyang nagpatira sa kanyang
Pangalan doon ang lahat ng rebelde, hari o
bayan, na tututol dito at magtatangkang wasa-
kin ang Bahay na iyon ng Diyos sa Jerusalem.
Akong si Dario ang nagbibigay ng kautusang
ito. Ipatupad ito agad."

[13]Kumilos nang ayon sa utos ni Haring Dario
si Tatnai na gobernador ng lupain sa kabila ng
Ilog, si Setar-Boznai at ang mga tagapayo. [14]At
mahusay namang ipinagpatuloy ng mga mata-
tanda ng mga Judio ang kanilang pagtatayo,
ayon sa sinabi ng mga propetang si Ageo at si
Zacarias na anak ni Iddo. Itinayo nila at tinapos
ang gawain ayon sa utos ng Diyos ng Israel at ng
mga dekreto nina Ciro at Dario. [15]Natapos ang
Bahay sa ikatlong araw ng buwan ng Adar sa
ikanim na taon ng paghahari ni Dario.

[16]Masayang ipinagdiwang ng mga Israelita,
mga pari at mga Levita at ng lahat ng nagbalik
mula sa pagkatapon ang pagtatalaga sa Bahay
ng Diyos. [17]At para sa pagtatalaga sa Bahay,
nag-alay sila ng sandaang toro, dalawandaang
barakong tupa at apatnaraang kordero, at ng
labindalawang kambing bilang hain para sa
kasalanan ng buong Israel ayon sa bilang ng
mga tribu ng Israel.

[18]Pagkatapos ay itinalaga nila ang mga pari
ayon sa kanilang pangkat, at ang mga Levita
ayon sa kanilang grupo para sa paglilingkod sa
Bahay ng Diyos sa Jerusalem, gaya ng nasusu-
lat sa Aklat ni Moises.

[19]Sa ikalabing-apat na araw ng unang
buwan, ipinagdiwang ng mga nagbalik mula sa
pagkatapon ang Paskuwa. [20]Magkakasamang
nilinis ng mga pari at mga Levita ang kanilang
sarili. Kaya kinatay nila ang korderong pam-
paskuwa para sa lahat ng nagbalik mula sa
pagkatapon, para sa mga kapwa-pari at para sa
kanilang sarili.

[21]Kumain ng Paskuwa ang mga Israelitang
nagbalik mula sa pagkatapon, pati ang mga
humiwalay sa mga karumihan ng mga tagaroon
at sumama sa kanila para hanapin si Yaweng
Diyos ng Israel. [22]Masaya nilang ipinagdiwang
ang Piyesta ng Tinapay na Walang Lebadura sa
loob ng pitong araw; pinaligaya nga sila ni Yawe
nang loobin nitong magmagandang-loob sa
kanila ang hari ng Asiria at payagan silang
ipagpatuloy ang muling pagtatayo sa Bahay ng
Diyos ng Israel.

**Dumating si Esdras sa Jerusalem**

7 • [1]Pagkatapos nito, sa paghahari ni Arta-
herhes na hari ng Persia, dumating si
Esdras na anak ni Seraya, na inapo ni Azarias,
ni Helkias, [2]ni Salum, ni Zadok, ni Ahitub, [3]ni
Amarias, ni Azarias, ni Merayot, [4]ni Zeraya, ni
Uzzi, ni Bukki, [5]ni Abisua, ni Pinhas, ni Eleazar
at ni Aarong punong-pari.

[6]Ang Esdras na ito ay isang tagasulat na
dalubhasa sa Batas na ibinigay kay Moises ni
Yaweng Diyos ng Israel. Umahon siya mula sa
Babilonia at sumasakanya ang kamay ni
Yaweng kanyang Diyos, kaya ibinigay sa kanya
ng hari ang lahat niyang hiningi. [7]Umahon
din sa Jerusalem sa ikapitong taon ni Haring

---

• **7**.1 *Halos animnapung taon na ang lumipas mula sa isinasalaysay sa kabanata 6 na Paskuwa ng taong 515 hanggang sa misyon ni Esdras. Maaaring dumating si Esdras sa taong 458. Pero puwede rin namang 427 nang siya'y dumating, pagkatapos ng unang misyon ni Nehemias. Kaya dapat basahin ang mga kabanata 7-10 pagkatapos ng kabanata 6 ni Nehemias.*

Nasa Persianong probinsya ng Babilonia si Esdras bilang tagapamahala sa mga usaping panrelihiyon ng mga Judio. Pari siya at kabilang sa mga grupong lubos na nagninilay sa Batas ni Moises, sa ilalim ng impluwensya ni Ezekiel. Tinipon nila ang iba't ibang teksto, at malamang na sila mismo ang nag-edit sa mga libro ng Biblia na bumubuo sa "Batas" na ibig sabihi'y mula Genesis hanggang Deuteronomio sa bersiyon nito sa kasalukuyan. Naintindihan ng mga paring ito na sinisimulan ng Israel ang isang bagong yugto sa kasaysayan nito. Ang Batas ng Diyos ang dapat na pumatnubay sa mga Judiong bumalik mula sa Pagkatapon. Ang batas na ito, na naghihiwalay sa mga Judio mula sa mga di-Judio, at nagsisilbing batayan ng lahat ng detalye ng buhay ang magiging pundasyon ng isang relihiyosong pamayanan – at pulitikal din pagkatapos – na magbubuklod sa kanila bilang bayang nagkakaisa.

Pagdating ni Esdras sa Jerusalem na may opisyal na misyon, balak niyang itadhana ang Batas ni Moises na inedit sa pinakahuling anyo nito: at muling isinilang ang bayang Judio bilang bayan ng Batas.

Gagawin ng Batas ang bayang Judio bilang bayang mas tumutupad at responsable, lingkod ng Diyos sa lahat ng bagay. Pero narito rin ang panganib na maipagkamali ang tunay na pananampalataya sa mga panlabas na gawain. Ang bayang ang tingin lamang sa paglilingkod sa Diyos ay pagsamba sa Templo at mga gawaing relihiyoso ay maaaring maging walang pakialam sa pinakaimportante sa buhay.

Artaherhes ang maraming Israelita, pari, Levita,
mang-aawit, bantay-pinto at *naibigay*.
8 Dumating si Esdras sa Jerusalem sa ika-
limang buwan ng ikapitong taon ng hari. 9 Itinak-
da niya sa unang araw ng unang buwan ang pag-
alis sa Babilonia at dumating naman sa Jerusa-
lem sa unang araw ng ikalimang buwan, sa-
pagkat sumasakanya ang mabuting kamay ng
kanyang Diyos. 10 Itinalaga nga ni Esdras ang
kanyang sarili sa pagkatuto ng Batas ni Yawe
upang maipatupad at maituro ang batas at mga
tuntunin sa Israel.
11 Narito ang kopya ng liham na ibinigay ni
Haring Artaherhes kay Esdras na pari at taga-
sulat, na dalubhasa sa mga utos ni Yawe at sa
kanyang mga batas para sa Israel:
12 "Mula kay Artaherhes na hari ng mga hari,
para kay Esdras na pari at tagasulat, dalubhasa
sa Batas ng Diyos ng langit...
13 Iniutos kong makaaalis na kasama mo ang
lahat ng Israelita, mga pari at mga Levita, na
nasa aking kaharian, na gustong pumunta sa
Jerusalem. 14 Isinusugo ka ng hari at ng kanyang
pitong tagapayo para magsiyasat kung paano
sinusunod sa Juda at Jerusalem ang Batas ng
Diyos na nasa iyong mga kamay. 15 Dalhin mo
roon ang ginto at pilak na inihahandog ng hari at
ng kanyang pitong tagapayo sa Diyos ng Israel,
na nasa Jerusalem ang Bahay. 16 Dalhin mo rin
ang lahat ng pilak at ginto na matitipon mo sa
Babilonia na mga kusang-loob na handog ng
bayan at ng mga pari para sa Bahay ng Diyos sa
Jerusalem.
17 Kaya tiyakin mong bumili ng mga batang
toro, barakong tupa, kordero at lahat ng handog
na pagkain at inumin na ipaaalay mo sa altar ng
Bahay ng Diyos sa Jerusalem. 18 Gagamitin mo
naman ang nalabing pilak at ginto para sa anu-
mang mabuti sa palagay mo at ng iyong mga
kasamahan ayon sa kalooban ng inyong Diyos.
19 Ilalagay mo rin sa harap ng Diyos sa Je-
rusalem ang mga kagamitang ibinigay sa iyo
para sa paglilingkod sa Bahay ng iyong Diyos.
20 Kunin mo mula sa kabang-yaman ng hari ang
lahat ng kakailanganin para sa iba pang gastos
na kailangan mong gawin para sa Bahay ng
Diyos.
21 Akong si Haring Artaherhes ang nag-uutos
sa lahat ng ingat-yaman sa lupain sa kabilang
ibayo ng Ilog na gawin ang lahat ng hihingin sa
kanila ni Esdras na pari at tagasulat ng Batas ng
Diyos ng langit, 22 hanggang sandaang baretang
pilak, sandaang sako ng trigo, sandaang takal
ng alak at sandaang takal ng langis, at lahat ng
asin na kailangan niya. 23 Sundin nang buong
ingat para sa Bahay ng Diyos ng langit ang lahat
ng iniuutos ng Diyos ng langit para hindi bag-
sakan ng galit ang kaharian, ang hari at ang
kanyang mga anak.
24 Ipinagbibigay-alam din namin na hindi hi-
hingan ng mga buwis, kontribusyon o iba pang
kabayaran ang mga pari, mga Levita, mga
mang-aawit, mga bantay-pinto, mga *naibigay*
at mga utusan sa Bahay na ito ng Diyos.
25 At ikaw naman, Esdras, ayon sa karunu-
ngan ng iyong Diyos na sumasaiyo, humirang
ka ng mga hukom at tagapamahala na magga-
gawad ng katarungan sa buong bayan sa kabi-
lang ibayo ng Ilog, sa lahat ng nakaaalam sa
Batas ng iyong Diyos; at ituro mo ito sa mga
hindi nakaaalam.
26 Buong-bigat na parurusahan ng kamata-
yan, pagkatapon, multa o pagkapiit ang sinu-
mang hindi tutupad sa Batas ng iyong Diyos at
sa Batas ng hari."
27 Purihin si Yaweng Diyos ng aming mga
ninuno, na pumukaw sa damdamin ng Hari para
igalang ang Bahay ni Yawe sa Jerusalem. 28 Siya
ang gumawa sa aking maging kalugud-lugod sa
hari, sa kanyang mga tagapayo at sa lahat ng
matataas niyang opisyal. Lumakas ang aking
loob sapagkat sumasaakin ang kamay ng aking
Diyos, at tinipon ko ang mga pinuno ng Israel
para umalis na kasama ko.

**Ang mga kasamahan ni Esdras**

**8** 1 Ito ang mga pinuno ng mga sambaha-
yang kasama kong umalis sa Babilonia sa
paghahari ni Haring Artaherhes. Narito rin ang
kanilang mga angkan –
2 Sa angkan ni Pinhas: si Gersom; sa angkan
ni Itamar: si Daniel; sa angkan ni David: si Hatus
sa mga apo ni Secanias; 3 sa angkan ni Paros: si
Zacarias, at 150 kalalakihan; 4 sa angkan ni
Pahat-Moab: si Eliyonai na anak ni Zerahias, at
200 kalalakihan; 5 sa angkan ni Zattu: si Seca-
nias na anak ni Yahaziel, at 300 kalalakihan; 6 sa
angkan ni Adin: si Ebed na anak ni Yonatan, at
50 kalalakihan; 7 sa angkan ni Elam: si Yesaias
na anak ni Atalia, at 70 kalalakihan; 8 sa angkan
ni Sefatias: si Zebadias na anak ni Mikael, at 80
kalalakihan; 9 sa angkan ni Yoab: si Obadia na
anak ni Yahiel, at 218 kalalakihan; 10 sa angkan
ni Bani: si Selomit na anak ni Yosipias, at 160
kalalakihan; 11 sa angkan ni Bebai: si Zacarias
na anak ni Bebai, at 28 kalalakihan; 12 sa angkan
ni Azgad: si Yohanang anak ni Hakkatan, at 110
kalalakihan; 13 sa angkan ni Adoniham: mga
kabataang lalaki na ang mga pangalan ay
Elipelet, Yeiel at Semayas, at 60 kalalakihan;
14 sa angkan ni Bigvai: si Utai na anak ni Zaccur
at 70 kalalakihan.

15 Tinipon ko sila sa tabi ng ilog na umaagos
pa-Ahava, at tatlong araw kaming tumigil doon.
At pagkatapos kong isa-isahin ang mga taong
ito, wala akong nakitang mula sa tribu ng Levi.
16 Kaya ipinatawag ko ang mga pinuno – sina
Eliezer, Ariel, Semaya, Elnatan, Yarib, Zacarias
at Mesulam, at ang mga tagasulat na sina
Yoyarib at Elnatan. 17 Pinapunta ko sila kay Iddo
na pinunong nasa Kasipya; sinabi ko sa kanila
ang sasabihin nila kay Iddo at sa kanyang mga
kapatid na mga *naibigay* sa Kasipya para pa-
dalhan kami ng mga tagapaglingkod sa Bahay
ng ating Diyos.

18 Sumaamin ang mabuting kamay ng Diyos,
kaya naipadala sa amin si Serebias na isang
matalinong lalaki na anak ni Mahli na anak
naman ni Levi na anak ni Israel, at kasama niya
ang labingwalong lalaki na mga anak at mga
kapatid niya; 19 si Hasabias na kasama ni Ye-
saias, mula sa mga anak ni Merari at ang ka-
nilang mga kapatid at anak na lalaki, dalawam-
pung lahat; 20 at sa mga *naibigay* na itinalaga ni
David at ng mga pinuno para tumulong sa mga
Levita: 222 kalalakihan, na nakasulat na lahat
ang mga pangalan.

• 21 Doon sa pampang ng Ilog Ahava, nag-
deklara ako ng isang pag-aayuno para magpa-
kumbaba sa harap ng ating Diyos at ipagdasal
sa kanya ang isang maluwalhating paglalakbay
para sa atin at ating mga anak at sa lahat nating
ari-arian. 22 Nahiya na akong humingi sa hari ng
mga sundalo at mangangabayo para panga-
lagaan kami laban sa kaaway sa daan; at sinabi
namin sa hari: "Tinutulungan ng kamay ng
aming Diyos ang lahat ng naghahanap sa
kanya; ngunit abot ng kanyang kapangyarihan
at galit ang lahat ng nagtataksil sa kanya."
23 Kaya nag-ayuno kami at tumawag sa aming
Diyos para dito, at dininig naman niya kami.

24 Pumili ako ng labindalawang pinuno sa
mga pari, bukod pa kina Serebias at Hasabias at
sa sampu nilang kapatid na lalaki. 25 Sa kanilang
harapan ko tinimbang ang pilak at ginto at ang
mga kagamitang inihandog ng hari, ng kanyang
mga tagapayo at mga opisyal, at ng lahat ng
Israelitang naroon para sa Bahay ng ating Diyos.
26 At ipinagkatiwala ko sa kanila ang 650 bare-
tang pilak, mga kagamitang pilak na katumbas
ng 100 bareta, 100 baretang ginto, 27 dalawam-
pung mangkok na ginto na katumbas ng 1,000
darik, at dalawang kagamitang makinang na
tanso na singhalaga ng ginto. 28 At sinabi ko sa
kanila: "Nakatalaga kayo kay Yawe, at banal na
bagay rin ang mga kagamitang ito; ang pilak na
iyan at ang gintong ito ay kusang-loob na han-
dog kay Yaweng Diyos ng ating mga ninuno.
29 Ingatan ninyo ang mga ito hanggang matim-
bang ang mga ito sa mga silid ng Bahay ni Yawe
sa Jerusalem sa harap ng mga pinuno ng mga
pari at mga Levita at mga angkan ng Israel."

30 At tinanggap ng mga pari at mga Levita ang
lahat ng tinimbang namin: ang pilak at ginto at
mga kagamitan para dalhin sa Bahay ng ating
Diyos sa Jerusalem.

31 Sa ikalabindalawang araw ng unang bu-
wan, umalis kami sa Ilog Ahava para magpunta
sa Jerusalem. Sumaamin ang kamay ng aming
Diyos at iniligtas kami sa mga kaaway at sa
lahat ng pananambang sa paglalakbay. 32 Du-
mating kami sa Jerusalem at tatlong araw ka-
ming nagpahinga roon. 33 Sa ikapat na araw,
tinimbang namin sa Bahay ng aming Diyos ang
pilak, ginto at mga kagamitan, at ipinagkatiwala
ang lahat ng iyon sa paring si Meremot na anak
ni Urias, at kay Eleazar na anak ni Pinhas,
kasama ang mga Levitang si Yosabad na anak
ni Jesua, at si Noadias na anak ni Binnui. 34 Ma-
tapos bilangin at timbangin ang lahat, inilista
ang kabuuang timbang.

35 Nag-alay ng mga sinunog na handog sa
Diyos ng Israel ang mga Judiong nagbalik mula
sa pagkatapon: labindalawang batang toro para
sa buong Israel, siyamnapu't anim na barakong
tupa, pitumpu't pitong kordero, at bilang hain
para sa kasalanan, labindalawang barakong
kambing. Sinunog na handog ang lahat ng ito
para kay Yawe. 36 Pagkatapos ay inihatid ang
mga dekreto ng hari sa kanyang mga goberna-
dor at mga opisyal sa kabilang ibayo ng Ilog, at
tumulong naman ang mga ito sa bayan at sa
Bahay ng Diyos.

### Tungkol sa mga nag-asawa ng mga babaeng banyaga

**9** • 1 Nang matapos ang lahat ng ito, nila-
pitan ako ng mga pinuno, at sinabi nila:
"Hindi pa lumalayo ang bayan ng Israel, ang

---

• **8.**21 Pansinin ang pahinang ito kung saan inilalahad ang pagkatao at kabaitan ni Esdras na napakaistriktong guro ng Batas.

• **9.**1 Isinama ang mga Judio sa mga di nila kapanalig, at nanganganib na mawala ang sarili nilang katangian. Ipinapalagay ni Esdras na magagawa ng pamayanang Judio na maging mas malakas at mas mulat sa naiba nilang katangian kung lalayuan nila ang anumang pakikipamuhay sa iba. Kaya para maiwasan ang impluwensya ng ibang relihiyon, bawal ang pag-aasawa sa mga di-Hebreo.

mga pari at ang mga Levita sa mga tagarito. At
tinularan pa nila ang mga kasuklam-suklam na
gawi ng mga Kananeo, Heteo, Perezeo, Yebu-
seo, Amonita, Moabita, Ehipsiyo at Amorreo.
2 Sapagkat kumuha sila ng mga babae sa mga
iyon para sa kanila at sa kanilang mga anak na
lalaki, at inihalo ang kanilang banal na lahi sa
mga tagarito sa lupaing ito. Mga pinuno pa at
mga opisyal ang siyang pasimuno sa paggawa
ng kasalanang ito."

3 Nang marinig ko ito, winarak ko ang aking
damit at ang aking balabal, sinabunutan ko ang
aking ulo at hinila ang aking balbas, at naupo
akong nagdadalamhati. 4 Pinaligiran ako ng
lahat ng nakaalaala sa mga salita ng Diyos ng
Israel, natatakot sila dahil sa kasalanang ito na
ginawa ng mga lalaking bumalik mula sa
pagkatapon. Nanatili akong nakaupo at lu-
paypay hanggang sa oras ng panghapong
handog. 5 At sa oras ng panghapong handog,
tumindig ako mula sa aking panlulupaypay,
warak ang damit at balabal; lumuhod ako at
iniunat ang aking kamay kay Yaweng aking
Diyos.

6 Sinabi ko: "Diyos ko! Nahihiya ako at nali-
lito. Diyos ko, hindi ako makatingala sa iyo
sapagkat lampas na sa aming ulo ang aming
mga pagkakasala, at abot na sa langit ang
aming mga utang.

7 Mula sa panahon ng aming mga ninuno
hanggang ngayo'y baon na kami sa kasalanan.
Dahil sa aming mga krimen, ipinaubaya kami sa
kamay ng mga haring banyaga, pati na ang
aming mga hari at mga pari. Sumailalim kami sa
tabak, pagkabihag, pagnanakaw at pagkabilad
sa kahihiyan hanggang sa panahong ito. 8 Su-
balit nagdalang-habag sa amin si Yaweng aming
Diyos nitong mga huling araw. Nagtira siya sa
amin ng isang labi at pinatira niya kami sa isang
dako sa kanyang Banal na Lugar para bigyan ng
ginhawa at buhay kahit na mga alipin kami.
9 Mga alipin nga kami pero hindi kami pina-
bayaan ng Diyos sa gitna ng aming pagkaalipin.
Iniunat niya sa amin ang kanyang mahabaging
kamay sa harap ng mga hari ng Persia upang
bigyan kami ng buhay. Naitayong muli ang
Bahay ng aming Diyos, naayos ang mga guho
nito at mayroon na kaming pader sa Jerusalem
at sa Juda.

10 Ngunit ngayon, aming Diyos, ano ang
aming masasabi? Tinalikuran nga namin nga-
yon ang iyong mga utos. 11 Ipinasabi mo sa amin
sa pamamagitan ng iyong mga propeta: Ang
lupaing inyong pupuntahan para angkinin ay
dinungisan ng mga karumihan ng mga bansang
naroon; pinuno nila iyon ng kasuklam-suklam
nilang mga gawa at karumihan. 12 Kaya huwag
ninyong ibigay bilang asawa ang inyong mga
anak na dalaga sa kanilang mga anak na lalaki
o kunin ang kanilang mga anak na dalaga para
sa inyong mga anak na lalaki. Huwag kayong
gagawa para sa kanilang ikasasagana at ika-
bubuti. Maging malakas kayo: kumain ng
pinakamainam na bunga ng lupa, at iwan iyon
bilang pamana sa inyong mga anak magpa-
kailanman.

13 Pagkatapos ng lahat ng dumating sa amin
dahil sa aming mga kasamaan at ng aming
pagkakasala, pinatawad mo, aming Diyos, ang
aming kasamaan at pinanatili ang ilang nala-
labing narito.

14 Paano namin muling mahahamak ang
iyong mga utos at makikipag-asawa sa kasuk-
lam-suklam na mga bayang ito? Hindi ka ba
magagalit sa amin at lilipulin kami na hindi mag-
iiwan ng malalabi?

15 Makatarungan ka, Yaweng Diyos ng Israel!
Natitira kami ngayon bilang maliit na labi. Narito
kami sa iyong harapan, taglay ang aming pag-
kakasala, at hindi kami makapananatili sa iyong
harapan."

---

Bale-wala ito kay Esdras, pero itinataguyod niya rito ang rasismo sa kabila ng mga aral ng mga propeta na noong nakalipas na dantaon ay nagpahayag ng pagpasok ng lahat ng bansa sa bayan ng Diyos. Ang istriktong pagtupad sa mga batas ay isang sanggalang laban sa mga pagano sa simula, pero sa paglipas ng panahon, naging pader ito na maghihiwalay sa mga Judio sa lahat ng iba pang mga bayan.

Naging napakabisa nga ang mga harang na itinayo ni Esdras, at makikita natin ang kalooban ng Diyos dito. Matinding pag-uusig ang tiniis ng sambayanang Judio (tingnan ang Mga Macabeo). At matapos dumating si Kristo, nagkawatak-watak sila at kinailangang mabuhay sa halos dalawampung dantaon sa mga bansang Kristiyano na kadalasa'y umuusig sa kanila o sinisikap na palipatin sila sa pananampalatayang Kristiyano sa anumang paraan. Ngunit sa kabila ng lahat ng ito, ang bayang Judio ay nanatiling bukod-tangi sa kasaysayan, salamat, sa isang banda, sa kanilang katapatan sa Batas.

Dapat nating malaman na may makukuha ring aral mula sa lahat ng ito ang mga Kristiyano nga-yon. Kung tayo ang tinatawag na maging pampaalsa sa masa, sa pakikipamuhay na di minamasama ang sinumang may ibang pananampalataya, kailangan din tayong magkaroon ng mga hinihingi ng pagkakataon at mga panlabas na kaugalian na tanggap ng lahat ng sumasali sa pamayanang ito.

Tingnan pa rin ang sinasabi tungkol dito sa Nehemias 13.

**Pinalayas ang mga babaeng banyaga**

**10** 1 Samantalang nananalangin si Esdras,
nagpapatirapa at umiiyak, at inaamin ito
sa harap ng Bahay ng Diyos, nakapaligid sa
kanya ang napakaraming Israelita – mga lalaki,
mga babae at mga bata. At buong-kapaitan ding
nanangis ang mga iyon.

2 Noon nagsalita si Secanias na anak ni Yehiel
na isa sa mga inapo ni Elam, at sinabi niya kay
Esdras: "Nagtaksil kami sa aming Diyos; nag-
asawa kami sa mga babaeng banyaga mula sa
mga bayan ng lupaing ito, ngunit may pag-asa
pa ang Israel. 3 Makikipagtipan kami sa aming
Diyos na palayasin ang mga babaeng ito at ang
kanilang mga anak, ayon sa pahayag ng aking
panginoon at ng lahat ng gumagalang sa utos ng
aming Diyos. Matupad nawa ang Batas. 4 Sige,
ikaw ang bahala at kaisa mo kami. Lakasan mo
ang iyong loob, at mag-utos ka."

5 Kaya tumindig si Esdras at pinasumpa ang
mga pinuno ng mga pari, ng mga Levita at ng
buong Israel na gagawin nila ang kanilang sina-
bi; at nanumpa nga sila. 6 Pagkatapos ay umalis
si Esdras sa lugar na kinaroroonan niya sa tapat
ng Bahay ng Diyos at nagpunta sa kuwarto ni
Yehohanang anak ni Eliasib. Ngunit hindi siya
kumain ng tinapay o uminom ng tubig doon,
sapagkat labis siyang nagdaramdam sa pagka-
kasala ng mga bumalik mula sa pagkatapon.
7 Ipinahayag sa buong Juda at Jerusalem na
kailangang magtipon sa Jerusalem ang lahat ng
bumalik mula sa pagkatapon, 8 at kung may
hindi makararating sa loob ng tatlong araw,
iilitin ang lahat niyang ari-arian at ihihiwalay na
siya sa pagtitipon ng mga bumalik mula sa
pagkatapon, ayon sa pasya ng mga pinuno at
matatanda.

9 Sa loob ng tatlong araw, nagtipon sa
Jerusalem ang lahat ng taga-Juda at taga-Ben-
jamin. Ikadalawampung araw noon ng ikasiyam
na buwan at nasa bukas na patyo ng Bahay ng
Diyos ang buong bayan. Nanginginig sila dahil
sa bagay na ito at dahil umuulan.

10 Tumindig ang paring si Esdras, at sinabi:
"Naghimagsik kayo sa pag-aasawa sa mga ba-
baeng banyaga kayat dinagdagan ninyo ang
kasalanan ng Israel. 11 Aminin ninyo ngayon ang
inyong pagkakasala sa harap ni Yaweng Diyos
ng inyong mga ninuno at gawin ang kanyang
kalooban; humiwalay kayo sa mga bayan ng
lupaing ito at sa mga babaeng banyaga." 12 Ma-
lakas na sumagot ang buong pagtitipon: "Oo,
gagawin namin ang iyong sinabi. 13 Ngunit na-
pakarami ang mga tao at tag-ulan ngayon; hindi
tayo makapananatili sa labas. At saka hindi
mapagpapasyahan ang bagay na ito sa loob ng
isa o dalawang araw lamang dahil marami ka-
ming nakagawa ng pagkakasalang ito. 14 Ang
mga pinuno namin ang puwedeng kumatawan
para sa buong pamayanan. Sa takdang araw ay
mararating nilang kasama ng mga matatanda at
mga hukom ng bawat lunsod ang mga nasa
aming mga lunsod na nag-asawa ng mga baba-
eng banyaga. Kaya lalayo sa atin ang galit ng
ating Diyos dahil sa bagay na ito."

15 Tinutulan ito nina Yonatang anak ni Asael,
at Yazeyang anak ni Tikva, pati ng mga Levitang
sina Mesulam at Sabetai. 16 Ngunit ginawa ng
mga nagbalik mula sa pagkatapon ang na-
pagpasyahan. Pumili ang paring si Esdras ng
mga lalaking pinuno ng sambahayan para sa
bawat sambahayan, at personal na itinalaga ang
bawat isa sa kanila. At sa unang araw ng ika-
sampung buwan, nagtipon sila para pagpasya-
han ang bagay na ito.

17 Sa unang araw ng unang buwan, natapos
nilang harapin ang lahat ng usapin ng mga nag-
asawa ng babaeng banyaga.

18 Sa mga pari, ang mga sumusunod ay na-
tagpuang nag-asawa ng babaeng banyaga: sa
angkan ni Josue na anak ni Yozadak, at sa
kanyang mga kapatid: Maaseias, Eliezer, Yarib
at Gedalias. 19 Nangako silang palalayasin ang
kanilang mga asawa, at nag-alay ang bawat isa
ng isang barakong tupa bilang hain para sa
kasalanan;

20 sa angkan ni Imer: Hanani at Zebadias;

21 sa angkan ni Harim: Maaseias, Elias,
Semaya, Yehiel at Uzzias;

22 sa angkan ni Pasur: Elioenai, Maaseias,
Ismael, Netanel, Yozabad at Elasa.

23 Sa mga Levita: Yozabad, Simei, Kelaya o
Kelita, Petahias, Juda at Eliezer.

24 Sa mga mang-aawit ng Templo: Eliasib at
Zakkur. Sa mga bantay-pinto: Sallum, Telem at
Uri.

25 Sa mga Israelita: sa angkan ni Paros:
Ramias, Izias, Malkias, Mihamin, Eleazar, Mal-
kias at Benaya; 26 sa angkan ni Elam: Matanias,
Zacarias, Yehiel, Abdi, Yeremot at Elias; 27 sa
angkan ni Zattu: Elioenai, Eliasib, Matanias,
Yeremot, Zabad at Aziza; 28 sa angkan ni Bebai:
Yehohanan, Hananias, Zabbai at Atlai; 29 sa
angkan ni Bigvai: Mesulam, Maluk, Yedaya,
Yasub, Seal at Yeremot; 30 sa angkan ni Pahat-
Moab: Adna, Kelal, Benaya, Maaseias, Ma-
tanias, Bezalel, Binnui at Manases; 31 sa angkan
ni Harim: Eliezer, Isiya, Malkias, Semaya,
Simeon, 32 Benjamin, Maluk at Semarias; 33 sa
angkan ni Hasum: Mattenai, Mattatta, Zabad,

Elipelet, Yeremai, Manases at Simei; 34 sa
angkan ni Bani: Maadai, Amram, Uel, 35 Benaya,
Bedeias, Keluhi, 36 Wanias, Meremot, Eliasab,
37 Mattanias, Mattenai at Yaasai; 38 sa angkan ni
Binnui: Simei, 39 Selemias, Natan at Adaya; 40 sa
angkan ni Zakkai: Sasai, Sarai, 41 Azarel, Sele-
mias, Semarias, 42 Salum, Amarias at Jose; 43 sa
angkan ni Nebo; Yeiel, Mattitias, Zabad, Zebina,
Yaddai, Yoel at Benaya.

44 Nag-asawa ang lahat ng ito ng mga babaeng banyaga, at pinalayas nila ang mga ito pati kanilang mga anak.